AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 14**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Ang Pambihirang Sumbrero" na isinulat ni Jose Miguel Tejido**. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 14** |
| --- |
| Book Title: Ang Pambihirang Sumbrero |
| Author: Jose Miguel Tejido |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang Araw! 😄☀Andito muli si Teacher _____ para sa ating Reading Lesson. Sa araw na ito, may panibago tayong librong babasahin. Ito ay ang librong 📚"Ang Pambihirang Sumbrero"📚 na sinulat ni Jose Miguel Tejido.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Tandaan at alalahanin habang nagbabasa!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Naghalungkat -** naghanap
**(2) Kandelabra -** lalagyan ng kandila
**(3) Palamuti -** dekorasyon
**(4) Parasiyut -** malaking bagay na gawa sa tela, tumutulong itong bumaba nang dahan-dahan ang tao o mabigat na bagay mula sa isang eroplano

Tara na't simulan ang pagbabasa ng kwento.
--

**IV.📚 ANG PAMBIHIRANG SUMBRERO NI JOSE MIGUEL TEJIDO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Mahilig mangolekta ng kakaibang mga gamit si Mia 👩🏻. Isang araw ☀️, naghalungkat si Mia 👩🏻 sa lumang baul 🧰 ng kaniyang Lola 👵🏻. Laking tuwa 😊 niya nang makatagpo siya ng sombrero 🎩. Kakaiba ang itsura nito!

•Humarap si Mia 👩🏻 sa salamin para sukatin ang sombrero🎩. Sinubukan niyang isuot ito sa iba't-ibang paraan. Ngunit naisip niya, bakit parang may kulang?🤔

•Lumabas ng kanilang bahay 🏠 si Mia 👩🏻 at nagtungo sa tindahan sa tapat 🏠👵🏽. "Magandang umaga, Manang Sol." , bati ni Mia. "Maganda po ba ang aking sombrero 🎩?" 🤔 "Oo Mia, pero mas maganda kung lalagyan pa natin ng alkansiya.", sagot ng tindera. Nagulat 😳 si Mia sa handog sa kaniya. "Salamat po, Manang Sol!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👵🏽

•Sunod na pinuntahan ni Mia👩🏻 ang panaderya 👴🥐🥖🍞. "Mang Rico!", tawag ni Mia. "Maganda po ba ang aking sombrero 🎩?" 🤔 "Oo Mia, pero mas maganda kung palalamutian pa natin ng kandelabra 🕎.", sagot ng panadero. "Salamat po, Mang Rico!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👴

•Nagdaan din si Mia 👩🏻 sa klinika 🏥. "Doktora Dulce, maganda po ba ang aking sombrero 🎩?",🤔 tanong ni Mia. "Oo Mia, pero mas maganda kung papatungan natin ng mga prutas 🍎🍇🍓.", sagot ng Doktora. "Salamat po, Doktora Dulce!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👩‍⚕️

•Naglakad 🚶‍♀️ pa si Mia 👩🏻 at nakarating sa estasyon ng bombero 🏣🚒. "Mang Ador, maganda po ba ang aking sombrero🎩?"🤔, tanong ni Mia. "Oo, Mia pero mas maganda kung dadagdaan natin ng akwaryum.", sagot ng bombero. "Salamat po, Mang Ador!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👩‍🚒

•Pagtawid 🚶‍♀️ niya sa kalsada 🛣️, nakasalubong ni Mia 👩🏻 ang pulis 👮‍♂️. "Mia, kakaibang sombrero🎩 iyan a!", bati ni Mang Kalor. "Pero mas maganda kung sasabitan pa natin ng hawla." "Salamat po, Mang Kalor!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👮‍♂️

•Umabot si Mia 👩🏻 sa hardin🌴 ng plasa 🏡. "Mang Lito, maganda na po ba ang aking sombrero 🎩?"🤔, tanong ni Mia. "Oo, pero mas maganda kung kakabitan pa

natin ng mga bulaklak💐🌹," sagot ng hardinero. "Salamat po, Mang Lito!", sabi ni Mia. 👩🏻🙋‍♀️👨‍🌾

•Pagdating sa palaruan 🏸🥅🏑, napakarami nang palamuti sa sombrero🎩 ni Mia 👩🏻! "Mia, itong saranggola 🪁 na lang yata ang kulang diyan!", sabi ng kaniyang kalaro. "Sandali lang, Toto 👦!", sigaw ni Mia 🗣️. Ngunit naitali na ni Toto ang saranggola. Biglang umihip 🌬️ ang napakalakas na hangin 💭. Kumapit si Mia sa kaniyang sombrero 🎩 at natangay siya paitaas. ⬆️

•Nakarating si Mia sa mga ulap 👩🏻🎩☁️! Biglang lumobo 🎈 ang kaniyang sombrero🎩 at naging isang napakalaking parasiyut 🪂. Nang tumapat ito sa araw ☀️, nakita ng lahat ang angking ganda ng sombrero! 🎩🪂🧜‍♀️🧜‍♂️🧚🌹🌺🌸🌈
--
Bigyan mo naman ang sarili mo ng isang malaking GOOD JOB!

**V. Gawain ✏️**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Sino ang batang mahilig mangolekta ng mga kakaibang gamit?

🔎 Ano ang nilagay ni Manang Sol sa sombrero ni Mia? 👩🏻👵🏽

🔎 Sino ang nagdagdag ng akwaryum sa sombrero ni Mia?

🔎 Ano ang isinabit ni Mang Kalor 👮‍♂️ sa sombrero ni Mia? 🎩👩🏻

🔎 Nabanggit ang pangalan ng kalaro ni Mia na nagtali ng saranggola sa kanyang sombrero, natatandaan mo pa ba kung sino siya? 👦🪁

🔎 Naging ano ang sombrero noong nilipad ito ng malakas na hangin? 💭🎩👩🏻

**VI. Pagnilayan 🙏🏽**
Bago matapos ang ating aralin ,isang activity ang ipagagawa ko sa iyo:

Iguhit ✍️ ang sarili mong disenyo na parasiyut 🪂 at ilarawan ito gamit ang tatlong pangungusap. 📝

Ano man ang iyong malikha, magpasalamat 🙏 sa talento ng pagguhit ✍️ at pagsulat 📝 na ibinigay sa iyo ng Panginoon. Kaunting hasa pa, at ika'y gagaling din sa larangan na ito. Nagtitiwala si Teach sa iyo! 🤗

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏️
🔎Si Mia 👩🏻 ang batang mahilig mangolekta ng mga kakaibang gamit. Nangongolekta ka rin ba ng mga gamit? Kung oo, ano ito? 🤔

🔎 Nilagyan ni Manang Sol 👵🏽 ng alkansiya ang sombrero ni Mia 👩🏻. Nakapag-ipon ka na ba sa alkansiya? 🤔

🔎Si Mang Ador 👨🚒 ang nagdagdag ng akwaryum sa sombrero ni Mia. 👩🏻🎩 Gusto mo rin bang magkaroon ng akwaryum tulad ni Mia? 🤔

🔎Nagsabit ng hawla si Mang Kalor 👮♂️ sa sombrero ni Mia 🎩👩🏻. May alaga ka bang hayop na nakakulong sa hawla? Kung oo, ano ito at ano ang pangalan niya? 🤔

🔎Si Toto 👦 ang nagtali ng saranggola sa sombrero ni Mia. 🎩👩🏻 Maaari mo bang isulat ang pangalan ng iyong paboritong kalaro? Ano ang madalas ninyong nilalaro? 🤔

🔎Ang sombrero 🎩 ay naging isang napakalaking parasiyut. Nakakita ka na ba ng parasiyut? Kung oo, saan? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤️
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.